# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ________________________________ Petsa __________________ Marka ___/20

## Mga sagot sa Pagsulat ng tamang pang-angkop

*Panuto:* Isulat sa patlang ang tamang pang-angkop (-*ng*, -*g*, o *na*).

1. Nauuna ang pula**ng**___ kotse sa karera.
2. May mga bahay___**na**___ bato na nakatayo pa sa Vigan.
3. Limandaan**g**___ piso ang sinukli sa kanya ng kahera.
4. Nasuot mo na ba ang damit___**na**___ regalo ng ninang mo?
5. Si Myra ay takot pumasok sa madilim___**na**___ silid.
6. Ang Qatar ay isa sa mga pinakamayaman**g**___ bansa sa buong mundo.
7. Ang matamis___**na**___ mangga ng Pilipinas ang paborito kong prutas.
8. Masyado**ng**___ matao ang mga *mall* tuwing malapit na ang Pasko.
9. Dahil sa mataas na lagnat, dinala siya sa pinakamalapit___**na**___ ospital.
10. Napakaganda ng ginto**ng**___ singsing ng reyna!
11. May makapal___**na**___ kumot sa loob ng luma**ng**___ kabinet.
12. Bumili tayo ng mga sariwa**ng**___ gulay mamaya**ng**___ hapon.
13. Sa mahiyain**g**___ bata ibinigay ang bago**ng**___ laruan.
14. Hinuli ng dalawa**ng**___ pulis ang lalaki**ng**___ magnanakaw.
15. Masagana**ng**___ ani ang isa sa mga biyaya ng taon**g**___ nakalipas.
16. Napakarami**ng**___ tao ang nanood ng pelikula ng sikat___**na**___ artista.
17. Ang bata**ng**___ inaantok ay humiga sa malambot___**na**___ unan.
18. *T-shirt*___**na**___ puti at maong ang karaniwan**g**___ suot ng mga mag-aaral.
19. Si Tina ay may buhok___**na**___ mahaba at nakasuot ng puti**ng**___ uniporme.
20. Marami**ng**___ kanin ang gusto ko kapag masarap___**na**___ ulam ang nakahanda.